# MAGLAKBAY NANG MAGAAN

## MAGHANDA SA PAGPASOK NG 2025

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Mik R. Flores
Enero 04, 2025

Sa pagsisimula natin ng 2025, magandang pagnilayan ang mga alaala ng nakaraang taon. Maaaring mabuti ang iba, ngunit may ilan namang alaala ang hindi gaanong kaaya-aya. Ang mga alaala ay pwedeng maging mahalagang biyaya. Gayunpaman, mayroon ding hindi magagandang bahagi na ninais nating hindi na sana nangyari. Ang huli ay maaaring ituring na "mabigat na bagahe" na patuloy nating dinadala at maaaring dahilan ito para maparalisado tayo. Tulad sa paglalakbay, ang mabigat na bagahe ay nagpapahirap sa ating pagbiyahe. Kaya, matutong "maglakbay nang magaan" - bitawan ang nakaraan para maiwaksi ang *stress*, pag-aalala, panghihinayang. Sa halip, hangarin natin magkaroon ng kalayaan at tiwala sa ating kakayahang magkaroon nang ganap na buhay. Bagama't di na natin mababago ang nakaraan, mababago naman ng Diyos ang ating kinabukasan.



Isa sa mga disipulo ni Hesus, si Pedro, ay nakagawa ng matinding pagkakamali. Sa panahon ng Paskuwa, sinabi ni Hesus na isa sa Kanyang mga alagad ang magtatatwa sa Kanya ng tatlong beses. Mabilis na sumagot si Pedro na hindi siya (Lucas 22:54-60).

1. **Itinanggi ni Pedro na kilala niya si Hesus.** Si Pedro lamang ang tanging sumunod kay Hesus noong Siya'y hinuli. Tatlong paraan ang pagtatwa niya kay Hesus.
 1.1. Itinanggi niyang kilala niya si Hesus.
 1.2. Itinanggi niyang tagasunod siya ni Hesus.
 1.3. Itinanggi niya na isa siyang Galilean.

2. **Nanangis si Pedro sa pagtanggi niya kay Hesus** (Lk. 22:61-62). Habang nagsasalita siya, tumilaok ang manok, at tinitigan siya ni Hesus. Naalala nya ang kanyang pagkakamali, naiyak at nagsisi sa kanyang kasalanan at kayabangan.
 2.1. Ngayon din, kapag nakagawa tayo ng pagkakamali, tayo ay nakararamdam ng kahihiyan, o pagsisisi. Wala na tayong magagawa sa nakaraan. Kailangan bitawan ang mabibigat nating dalahin upang mahawakan ang nakamamanghang kinabukasang inihanda ng Diyos para sa atin.

3. **Pinatawad si Pedro at bumalik siya kay Hesus.** Pagkatapos ng Pagkabuhay, nagpakita si Hesus sa noong nangingisda sina Pedro at mga kasama, at tinanong ni Hesus si Pedro ng 3 beses (Jn21:15-17), "Simeon, anak ni Juan…"
 3.1. .. iniibig mo ba ako? Pakainin mo ang Aking mga tupa
 3.2. ..iniibig mo ba ako? Alagaan mo ang Aking mga tupa.
 3.3. …mahal mo ba ako? Pakainin mo ang Aking mga tupa.

Nasaktan si Pedro ngunit sumunod siya kay Hesus.

4. **Ano ang kahalagahan ng pagtatanong kay Pedro nang <u>tatlong</u> beses?** Kailangang matuto si Pedro sa kanyang pagkakamali ngunit hindi dapat manatili ang kanyang pakiramdam ng pagkakasala.
 4.1. Binigyan ni Hesus si Pedro ng pagkakataong ayusin ang kanyang pagkakamali. Pumarito si Hesus upang magligtas.
 4.2. Alam ni Hesus na kailangan gumaling si Pedro para mahawakan niya ang bukas. Higit na inaalala ni Hesus ang pangmatagalang paghihilom kaysa sa panandaliang nararamdaman.

5. **Paano natin bibitawan ang nakaraan?**
 5.1. Tanggapin natin ang katotohanan: "Ang biyaya ng Diyos ay higit na malaki kaysa sa ating nakaraan." Mahal tayo ng Diyos anuman ang ating nagawa. Hayaan natin na hilumin tayo ni Hesus.
 5.2. Isara natin ang pinto ng nakaraan at pumasok na sa ating bukas. "Hindi ako perpekto, ngunit kasangkapan lang ako ng Diyos para mabago ang mundo" (Pahayag 21:4).

**Konklusyon**: Ang pagbitaw ay pagsuko sa hindi natin kayang kontrolin at pagyakap sa maaaring baguhin. Maaari tayong mamuhay nang puno ng kaligayahan, katuparan at tagumpay. Magpokus tayo sa kasalukuyan at lumikha ng mas maliwanag na kinabukasan.

**Pagninilay:**

1. Anong kasalanan ang dapat mong bitawan?
2. Paano mo yayakapin ang mga pagpapala ng Diyos sa taong ito?

**SCRIBES Ministry:**
**Isinalin ni:** Thess P. Sarmiento. **Na-edit ni:** Nida Cruz
**https://lordsflock.org/teachings/digests**
Tags: #Pagkakasala #Pagpapatawad